International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Issue | June 2022

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

# AN ANALYSIS AND TRANSLATION OF SELECTED FILIPINO ELEGY

**GRACE LIGUTAN-SIPLAC**
Cagayan State University
gracesiplac@csu.edu.ph

## Abstract

The focus of this investigation was on the analysis and translation of a particular elegy concerning the passing of a loved ones, friends and oneself. The purpose of this study is to translate an English elegy into Filipino, analyze and gain an understanding of the lessons that can be gained from each of the selected elegies, and become familiar with the specific values that can be gained from each elegy when those lessons are applied to the lives of the people. According to the findings, it is possible to draw the conclusion that the English language conveys a significant amount when it is translated into Filipino. The participants' relationships with one another and with God are two of the aspects of their life that are brought up in the elegy readings that are presented here. Aside from that, the researcher makes the discovery that the chosen elegy has a number of important life lessons to be gained from it. Therefore, it is strongly recommended that institutions, whether public or private educational establishments, need to look at and include the elegy as one of the topics to the subject like literature and social studies. This recommendation applies to both public and private educational establishments. Perform a thorough investigation of elegy. Continue to spread the word about elegy by hosting poetry contests with a variety of topics. These contests should be open to the public and should be read aloud to others in order to alleviate pain not only for the individual but also for the person's loved one.

**Keywords: elegy, literature, value, translation**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Issue | June 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

# ISANG PAG-AARAL AT PAGSASALIN NG MGA PILING ELEHIYA SA FILIPINO

**GRACE LIGUTAN-SIPLAC**
Cagayan State University
gracesiplac@csu.edu.ph

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa isang pagsasalin at pag-aaral ng ilang piling elehiya hinggil sa kamatayan ng mahal sa buhay, hinggil kaibigan at hinggil sa sarili. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga elehiya at maisalin ang mga piling elehiya sa Filipino, maunawaan ang aral at malaman ang mga kahalagahan ng mga ito.

Batay sa kinalabasan, pinapakita kung paano ang kanilang relasyon sa kanilang kapwa at sa Diyos. Batay din sa kinalabasan ng masusing pagsusuri, natuklasan ng mananaliksik na napakaraming mga mabubuting aral at kahalagahan ang ipinapahiwatig ng ilang mga piling elehiya sa mga bumabasa. Kung kaya mahigpit na inirerekomenda na ang mga institusyong pang-akademiko ay kailangan tingnan at isama ang elehiya bilang isa paksang-aralin sa mga asignatura tulad ng panitikan at araling panlipunan. Magkaroon ng malawakang pag-aaral sa mga elehiya Sikapin magpasulat ng mga iba't ibang tema ng elehiya na makikita at mababasa ng

maraming tao upang maibsan ang nararamdaman hindi lang sa sarili kundi para sa iyong minamahal.

**Susing salita: pagsasalin, elehiya. Pagpapahalaga, panitkan**

## Introduksyon

Ang bansang Pilipinas ay mayaman sa panitikan. Kailangan na pagyamanin, pangalagahan at maipagmalaki ang ating sariling panitikan sapagkat ito ay maituturing na kayamanan natin. Dito ay nagkakaroon ng pagkakataon na makilala ang Pilipino sa ibang lahi. Ito ang siyang tinatawag natin na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang kultura.

Ang ating bansa ay sagana sa mga pampanitikan na tunay ngang nagbibigay ng pagpapakilanlan sa mga Pilipino. Narito ang mga awiting bayan, sawikain, salawikain, bugtong, alamat, pabula,

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

parabula, epiko at iba pa na nagpapatunay lamang na ang mga ito ay ilan sa maipagmamalaking panitikan sa ibang mga lahi ng ating bansa.

Ang katawagang elehiya ay orihinal na tinutukoy sa kahit na anumang tula na sinulat sa kambal na elihiyako at sinakop ang isang malawak na paksa (kamatayan, pag-ibig at digmaan). Kabilang din sa katawagan ang epitapiyo, malungkot at kahapis-hapis na ang awitin at mga tulang paggunita.

Ang elehiya ay isang tulang nagpapahayag ng damdamin o paggunita sa isang nilalang na sumakabilang-buhay na.Ang himig nito ay matimpi at mapagmuni-muni at di masintahin. Ito ay isang tulang liriko na naglalarawanng pagbubulay-bulay o guni-guni hinggil sa kamatayan. Ito'y isang tula ng pananangis; pag-alaala at pagpaparangal sa mahal sa buhay na yumao na. May mga elemento ng elehiya: Tema - ang kabuuang kaisipan ng elehiya na kadalasan kongkreto ang kaisipan at ang pinagbasehan ay ang karanasan.Tauhan- mga taong kasangkot sa tula. Tagpuan- kung saan ang lugar o panahon na pinangyarihan ng tula. Kaugalian o Tradisyon- nakikita rito kung anong mayroong nakaugalian o isang tradisyon masasalamin sa tula. May mga katangiang taglay ng elehiya ito ay: tula ng pananangis — pag-alaala hinggil sa yumao at ang himig ay matimpi at mapagmuni-muni at di masintahin.

Isa sa naging dahilan kung bakit mahalagang gunitain ng mga naiwan ang mga kabutihang nagawa sa isang yumao sapagkat ito ay nakatutulong upang maibsan ang sakit na nararamdaman. Ang mga tao kasi, lalo na ngayon, ang tanging naaalala nila ay ang mga nagawang kamalian ng yumao. Nakakalimutan na nila ang minsang ito ay may malaking pakinabang, sabay sa pagkawala sa mundong ibabaw, ibinaon na rin sa limot ang kabutihan nitong nagawa.

Mahalagang pag-aralan at suriin ang elihiya upang ganap na maintindihan ang diwa ng elehiya at nang mas maunawaan ang damdaming napapaloob dito.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa “Isang Pagsasalin at Pag-aaral ng Ilang Piling Elehiya” na kung saan nais ng mananaliksik na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod:

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

1. Ano ang elehiya at salin nito sa wikang Filipino?
2. Ano ang mga aral at pagpapahalagang nakapaloob sa mga elehiya ng Filipino?

**Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang bawat bansa ay may sariling kultura na siyang simbolo ng kanyang pagkakakilanlan. Ang pagkakaroon ng sariling wika ay pagkakaroon ng sarili ring panitikan na nagpapakita ng sarili nitong pagkatao, pagkalahi at pagkamamamayan (Macaraig 1997). Ang panitikan ay kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan. Dahil sa panitikan, dito nasasalamin ang mga damdamin, layunin, pag-asa, hinanaing at guni-guni ng mga mamamayan na nasusulat at binabanggit sa maganda, makulay, makahulugan, matalinghaga at masining na pahayag (Lorenzo, 2001).

Ang panitikan ang naging panumbas ng mga Pilipino sa literature ng Ingles. Ang panitikan ng bansa Pilipinas ay nagpapahayag sa dalawang paraan. Ito ay ang pasalita at pasulat ng mga damdamin ng tao tungkol sa iba't ibang bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa kanilang gawain, maging sa pulitika at sa kaugnayan ng kanilang pananampalataya (Panganiban, et.al, 1998.). Ang panitikan ay bunga ng isip na isinatitik. Ito ay nakapaloob sa sining na naglalayong matuklasan ang kagandahan ng mga bagay-bagay.

Ito ay matibay at panghabang panahong pagpapahayag ng mahalagang karanasan ng tao sa mga salitang mahusay na pinili at isinaayos (Villafuerte, 2000). Ang tunay na kahulugan ng panitikan ay matatagpuan sa katotohanang ito ay nauukol sa mga niloloob, mga ideya at damdamin ng tao. Ang ating ninuno ay nagpamana sa atin ng mga panitikan kung kaya't kailangan natin itong pagyamanin at patuloy na pangalagahan, kabilang na dito ang tinatawag na elihiya. Bagaman ang elihiya ay hindi masyadong ganap na naririnig sapagkat ito nagagawa lamang kapag ang isang tao ay nagluluksa o nagdadalamhati.

Sa panitikan, ang isang elihiya ay tula ng seryosong pagninilay-nilay na kadalasang panaghoy para sa namatay. Bagaman, "para sa lahat ng kanyang paglaganap…. Lubhang nanatiling hindi malinaw ang kahulugan ng 'elehiya': minsan ginagamit ito bilang panlahat upang italaga ang mga teksto ng isang malungkot o pesismitang tono, minsan isang palatandaan para sa tektwal na papanatilihing-buhay at minsan istriktong tanda para sa panaghog para sa namatay.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

**Mga Pamamaraan sa Pag-aaral at Metodo**

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga taong maalam sa literature at nakakaalam sa salin ng elehiya. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga guro sa Filipino na magbabalido sa mga isinalin.

**Pangangalap ng Datos**

Ang pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay kinapalooban ng mga hakbang. Ang mananaliksik ay sumipi at isinalin ang siniping elehiya. Ang mananaliksik ay makiusap sa mga magbabalido ng mga naisalin at binigyang interpretasyon sa nagawang elehiya.

Mula sa siniping elehiya, isinalin at bingyang interpretasyon ang mananaliksik ay magpapabalido.

## Paglalahad at Interpretasyon

Katulad ng mga karamihang liping Pilipino ang elehiya ay isa sa tumutukoy sa pagkakakilanlan. Ito ay isang tulang ginawa para sa kanilang mga minamahal na yumao na upang maipahayag ang anumang damdamin mayroon sa kanila. Ito ay ginagamit ng mga matatanda upang magsilbing paalala na huwag kaligtaan na mayroon tayong ganitong klase ng panitikan at kailangan din na pangalagahan lalo na sa mga henerasyong nakababata.

Sa puntong ito, makikita ang mga nakalap na datos ng mananaliksik ang mga elehiyang Ingles mula sa Filipino.

**Talahanayan 1**. Ang elehiyang nagpapahayag hingil sa kamatayan ng mahal sa buhay.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

| ELEHIYA SA WIKANG INGLES | ELEHIYANG SALIN SA FILIPINO | ARAL NA MAKUHA |
|---|---|---|
| A.)She played the role of two parents, and she did it in a way<br><br>that never let on how many sacrifices she had to make<br><br>Iam such a well-rounded person because of the way she raised me. | Papel ng ina at ama, ginampanan niya<br><br>Itinago lahat ng pasakit at sakripisyo niya<br><br>Pagkatao ko ay nalinang nang lubos dahil sa kanya. | -Responsibilidad bilang isang magulang<br><br>Pagmamahal ng magulang<br><br>-Pagsasakripisyo para sa pamilya<br><br>-Tamang paggabay ng magulang<br><br>-Pagmomodelo ng magulang |
| B.)Hard to say Good-bye<br>by Joseph Sergi<br><br>I remember your smile and that twinkle in your eye.<br>How I miss those talks and the table by your side.<br>The blessings you had were very many it's true.<br>A husband by your side with four children too.<br><br>Wife, mother, nanny were the names you took.<br>Sometimes you like to sit and read a book.<br>Above all you were loved and they stood by your side.<br><br>Even on that darkest night when we all cried.<br>We know the love you have for someone dies.<br>But sometimes when we think | Mahirap Bigkasin ang Paalam<br><br>Naalala ko ang ngiti at kislap ng iyong mata.<br>Ang mga kuwentuhan natin sa tuwina.<br>Tunay na ikaw ay pinagpala<br>Laging kapiling ang kabiyak at apat na anak.<br><br>Asawa, ina at yaya, katawagang pinandiganan mo na.<br>Sa kabila ng hangaring umupo at magbasa na hindi magawa sapagkat paglingkuran sila ang inuuna.<br>Kung kaya't higit kang minahal at sa iyong tabi manatili.<br><br>Sa pagdatal ng aming pagtangis<br>Alam naming ang iyong pagmamahal ay di nagmamaliw.<br>Sa tuwing ika'y naaalala, hindi maiiwasan ang pagtangis.<br>Sapagkat minsan mahirap | -Kaligayahan<br><br>-Katatagang loob<br><br>Pagmamahal |

| | | |
|---|---|---|
| of you we still cry.<br>Because sometimes it's hard to say Good-bye. | bigkasin ang "Paalam". | |

Batay sa talahanayan, makikita ang mga elehiyang nabibilang sa pagpapahayag hinggil pagkawala ng kanilang minamahal sa buhay ay may makukuhang mga aral at kahalagahan katulad ng mga sumusunod:

A.) **Responsableng magulang**. Ang ibig sabihin nito na ang isang magulang kahit na sila'y sinasabing *solo parent* ay nagagampanan niya ang kanyang pagiging isang ina at ama sa kanilang pamilya. Hindi niya maaaring hayaan na ang kanyang mga anak ay mauuwi sa wala. Sapagkat nais ng magulang na makita ang kanyang mga anak na nasa maayos na kalagayan. Gaano kahirap man ito ay ginagawa niya ang lahat para sa mga anak.

**Pagmamahal ng isang magulang.** Ang ibig sabihin nito na walang magulang na hindi minahal ang kanilang mga anak. Lahat ay gagawin para lamang sa kanilang ikabubuti.

**Pagsasakripisyo para sa pamilya.** Ang ibig sabihin nito, na hindi matatawaran ang naging sakripisyo ng magulang sa kanilang mga anak. Sila ay handa na gawin ang lahat para lamang sa kapakanan ng kanilang mga anak. Ang isang magulang ay hindi na mag-iisip o magdadalawang isip na gawin ang lahat at hindi niya kayang ipaalam pa ito sapagkat ayaw nilang madamay pa ang kanilang mga anak kahit na buhay pa ang kapalit alang-ala lang sa kapakanan ng kanilang mga anak. Halimbawa, kung ang isang anak ay maraming problemang kinahaharap, ang magulang ang gagawa ng paraan na hindi na niya ipagbigay-alam ito para hindi na kailangan pang makaranas ang kanilang mga anak ng kabiguan sa buhay.

**Tamang paggabay ng magulang sa anak.** Ang pagiging isang mabuting magulang ay hindi madali. Ang maayos at tamang pagpapalaki ng magulang sa anak ay isang malaking hamon sa bawat magulang lalo na kung *solo parent ka* ngunit dahil sa ayaw ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

magulang na mapahamak ang isang anak ay talagang kailangan ng tamang paggabay sa mga anak. Sapagkat walang magulang na gustong mapahamak ang kanilang mga anak.

**Pagmomodelo ng isang magulang.** Ibig sabihin nito na hindi biro ang ginagampanang papel ng isang magulang sa ating tahanan. Kailangan na ipapakita ang mga kabutihan gawain at asal sa mga magulang sapagkat anuman ang nakikita at naririnig ng mga anak sa magulang ay maari nila itong gayahin. Kaya bilang isang magulang kailangan na maging maingat tayo sa anumang kilos at pananalita.

**B. Kaligayahan.** Ibig sabihin nito na ang kaligayan ng asawa na naranasan niya bago pa ito lumisan ay hindi kailanman makakalimutan. At ang kaligayahan na nadarama ng isang pamilya ay katagumpayan ng mag-asawa.

**Katatagan ng loob.** Ibig sabihin nito na kahit na ang isang asawa ay nawalan ng asawa at kahit na anumang problema ang kinahaharap nito ay pinapakita nito sa kanyang pamilya lalo na sa mga anak na kayang-kaya. Mahirap ipakita sa mga anak na hindi mo kaya at ika'y mapanghinaan ng loob sapagkat maaapektuhan ang mga anak.

**Pagmamahal.** Ito ang mayroon sa mag-asawa. Ito ang dahilan kung bakit napakahirap na makalimutan ang isang kapareha o asawa, mahirap tanggapin at magpaalam sa isang taong lubos na pinaramdam ang sobrang pagmamahal. Ibig sabihin din na sa isang mag-asawa ay mahalaga ang pagmamahal sa isang matibay na pagsasama. Kailangan laging ipadama ang pagmamahal at pagmamalasakit sa iyong asawa.

**Talahanayan 2**. Ang elehiyang nagpapahayag hingil sa kaibigan

| ELEHIYA SA WIKANG INGLES | ELEHIYANG SALIN SA FILIPINO | ARAL NA MAKUHA |
|---|---|---|
| He was patient, intelligent and funniest guy I knew.<br><br>If they're anything –like him – and I know they are – then it's no wonder he grew into one of | Siya ay matiyaga, matalino at masayahing tao na nakilala ko<br><br>Lubhang katangi-tangi, kataka-taka man, siya'y naging kaibigan ko | <br><br>Pagiging mabuting kaibigan |

| | | |
|---|---|---|
| the greatest friend I've ever had.<br><br>He taught me the importance of always looking for the best in people, and I will always remember that. | Sa aking puso't isipan, kanyang turo<br>Kabutihan ng bawat isa'y tumino. | Pagpapahalaga sa kaibigan |
| It's nice to have a friend<br>Someone to laugh with, talk to- cry with<br>A bond of friendship grows from sharing good times<br>Working through some bad times<br>And caring about the life of another person.<br>A friend is a shoulder to lean on<br>A helping hand when more than two are needed<br>A quiet ear to hear a story that need to be told<br><br>A friend is earned<br>Not mere acquaintance found out in the world.<br>A friendship takes time, takes care and takes honesty.<br><br>A friend is true gift<br>It's nice to have a friend. | Masarap magkaroon ng kaibigan<br>Karamay sa tuwa at kalungkutan<br>Pagkakaibigang lumago sa masayang pagsasama<br>maging sa hirap, magkatuwang tuwina<br>Malasakit sa isa't isa makikita.<br><br>Kaibigang masasandalan<br>Laging handang umaagapay<br>Lihim ay umaagapay.<br><br>Tunay na kaibigan natagpuan<br>Hindi lamang isang kilala sa mundong ginagalawan<br>Pagkakaibigan hinubog ng oras, pangangalaga at katapatan.<br><br>Kaibigang tunay na biyaya<br>Tunay na kaibigan masarap kasama. | -Kaibigang handang dumamay sa lahat ng bagay<br><br>-May pagmamalasakit<br><br>Tapat na kaibigan/Pagtitiwala<br><br>-Pagpapahalaga sa kaibigan |

Mula sa talahanayan 2, makikita ang elehiyang nabibilang tungkol sa pagkakaroon ng isang kaibigan na may makukuhang mga aral tulad ng mga sumuusnod:

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

A. **Pagiging mabuting kaibigan.** Ang isang mabuting kaibigan ay hangad nito na maging masaya at maayos ang kanilang pagsasama. Masasabing isang tunay din na kayamanan ang pagkakaroon ng isang mabuting kaibigan.

**Pagpapahalaga sa kaibigan.** Ibig sabihin nito na mahirap makamit ang totoong kaibigan. Kung kaya't huwag nating ipagwalang bahala ang mga bagay-bagay na gawa nito sa atin maliit man o malaki.

B. **Kaibigang handang dumamay sa lahat ng bagay.** Ibig sabihin na ang isang kaibigan ay ay handa mong damayan ito hindi sa lang kasiyahan kundi maging ito man ay sa kalungkutan o anuman ang nararamdaman ng iyong kaibigan. Ang isang taong may problema ay mas higit na kailangan ng makakausap o makakasama, kaya bilang isang tunay na kaibigan kailangan mo silang puntahan sapagkat ito na ang pagkakataon na kailangan mo silang damayan.

**May pagmamalasakit.** Ibig sabihin nito, halimbawa kapag ang iyong kaibigan ay problemado at hindi na niya kaya pang harapin ito, ikaw bilang isang tunay na kaibigan ay ipakita ay iparamdam mo sa iyong kaibigan na sila'y mahalaga sa buhay mo.

**Tapat na kaibigan**, Ibig sabihin nito, na kapag ang isang kaibigan ay nagsabi ito ng sikreto lalo na kung ito ay mga sensitbong napag-usapan at ikaw ay nangako na huwag ipagsabi ito sa kahit na kanino kailangan na gawin mo ito. Ang lahat ng ito ay kailangan upang hindi mawawala ang tiwala nila sa iyo. Alalahanin natin na ang pagiging matapat na kaibigan o tapat sa isa't isa ay magiging pundasyon sa pagbuo ng tiwala at kapanatagan ng kalooban.

**Pagpapahalaga sa kaibigan.** Ang ibig sabihin nito, na dapat bigyang halaga ang kaibigang hindi ka iiwan o pabayaan sa anumang oras ng iyong problema o matinding pangangailangan. Mahirap maghanap ng isang kaibigan na tunay kung kaya't dapat nating pahalagahan katulad ng pagpapahalaga natin sa ating sarili.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

**Talahanayan 3**. Ang elehiyang nagpapahayag hingil sa sarili

| ELEHIYA SA WIKANG INGLES | ELIHIYANG SALIN SA FILIPINO | ARAL NA MAKUHA |
|---|---|---|
| The Stone<br>by Author: Elaine George<br><br>Alone in a meadow in the pouring rain<br>I find the stone that causes all my pain.<br>As I humble through the fog in disbelief<br>I fall down upon my knees and sob in grief.<br><br>The fog cries her mournful sound<br>As my heart falls down, beneath the ground<br>Crying out to God for mercy all in vain<br>To take away the stone that bears your name. | Ang Bato<br><br>Sa gitna ng ulan, nag-iisa<br>Ugat ng pasakit, nakilala<br>Sa pagkakadapa sa maling paniniwala<br>Sa pamimighati nalugmok na.<br><br>Tinig na kalungkutan, umaalingawngaw.<br>Habang ang puso'y nagdurusa sa karimlan.<br>Nananalanging kahabagan ng Panginoon nawa<br>Pawiin ang bigat na nadarama. | -Katatagan<br><br>-Pananampalataya |

Mula sa talahanayan 3, makikita ang elehiyang nabibilang hinggil sa sarili na may makukuhang mga aral tulad ng mga sumuusnod:

**A. Katatagan ng loob.** Ibig sabihin huwag patatalo sa anumang problema kinahaharap natin.

Sa buhay ng isang tao hindi natin maiiwasan na maraming problema o unos na dumarating. Kakambal na ng tao ang problema at dahil dito, makikita mo kung saan ang lakas ng loob na harapin at bigyan solusyon ang mga ito. Ngunit may mga pagkakataon na parang gusto mo nang sumuko pero hindi ito ang maging solusyon. Kailangan mong panindigan at harapin ng buong katatagan ang anumang hamon sa buhay.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

**Pananampalataya.** Ibig sabihin nito na may problema man o wala kailangan na mananatili ang ating pananampalataya sa Diyos.

Sa buhay ng isang tao kadalasan na saka lang nila nakikilala ang Panginoon kapag mayroon na silang problema o hindi na nila nakakaya ang problemang kanilang nararanasan.

## Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

. Ipinapakita ng elehiyang ito kung paano ang kanilang relasyon sa kanilang kapwa at sa Diyos. Makatutulong ang elehiyang ito upang maibsan ang anumang klaseng damdamin mayroon ang isang tao. Ang pagsulat ng isang elehiya ay napakahalagang gawin sapagkat mas tumatalab at tumatagos ito sa isip at damdamin ng mga tao.

Sa kabuuan, ang elehiya ay mainam na kasangkapan upang daan ng paglalabas ng karamdaman at pagbibigay aral, pagpapaalala, pang-aliw at iba pa dahil sa nakahuhumaling nitong kaayusan.

## Rekomendasyon

Matapos ang ginawang pag-aaral ng mananaliksik tungkol sa ilang mga nasiping elehiya. Narito ang ilang mga mungkahi o rekomendasyon:

1. Ang institusyong pang-akademiko ay kailangan tingnan at isama ang elehiya bilang isa paksang-aralin sa mga asignatura tulad ng panitikan at araling panlipunan.
2. Magkaroon ng malawakang pag-aaral sa mga elehiya
3. Sikapin magpasulat ng mga iba't ibang tema ng elehiya na makikita at mababasa ng maraming tao upang maibsan ang nararamdaman hindi lang sa sarili kundi para sa iyong minamahal.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 239-251

**Sanggunian**

Alonzo E. & Galiza C. ( 2021). Writing prowess of first year BAT students: A groundwork for language magnification program. The Asian EFL. 28(13),pp 39-49

BALOG, P., & Gonzales, E. . (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *1*(2), 23–44

Casil-Batang, P. (2021). Exploring Gender Sterotypes in 21st Centrury Philippine Narratives. 2(1): 61-70

Casil-Batang,P. (2021). Focus of Experience in 21st Century Philippine Literature: A Content Analysis. 2(1): 1-14

Eijansantos, A. M., Alieto, E. O., Emmanuel, M. S., Pasoc, M. G. O., & Bangayan-Manera, A. (2021). Interspeaker variation in the negated perfective aspect of Zamboanga Chavacano. *Linguistics and Culture Review*, *5*(S3), 287-309. https://doi.org/10.21744/lingcure.v5nS3.1528

Lorenzo, C. (2001). Literatura ng Iba't ibang Rehiyon ng Pilipinas. Grandwater Publication and Reseach Corp.,.ISBN 9717250758, 9789717250755.
.
Macaraig, M.(2004). Sulyap sa Panulaang Filipino. Rex Book Store. ISBN 976-23-3908-4.2004

Nagy G.(2010). "Ancient Greek elegy" in The Oxford Handbook of the Elegy, ed.Karen Weisman.Oxford:Oxford Unversity Press, 2010, pp 13-45 (sa Ingles)

Panganiban, J.V., et al. (1998). Panitikan ng Pilipinas. Rex Book Store (Manila,

Philippines).ISBN 971-23-1884-6. September 1998.

Santiago, E. . (1989). Panitikang Pilipino. Mandaluyong City: National Book Store.

https://tl.wikipedia.org/wiki/Elehiya

https://www.un.org/**en/coronavirus?gclid**